



Manwal sa Etika ng Estado ng Nevada

Pangako sa Pribadong Kapasidad

Mahahalagang Punto

Ipinaliliwanag ng seksyong ito ng Manwal sa Etika ng Nevada kung ano ang ibig sabihin ng “Pangako sa Pribadong Kapasidad” sa ilalim ng mga Batas sa Etika sa Pamahalaan. ([tingnan ang NRS 281A.065](#)). Tinutulungan nito ang mga opisyal at kawani ng gobyerno na kilalanin ang mga posibleng tunggaliang interes na nagmumula sa personal na ugnayan, at gumagabay sa kanila sa pagtukoy kung ang isang relasyon ay maituturing na pangako sa pribadong kapasidad sa konteksto ng Batas sa Etika sa Pamahalaan.

Mga Pangunahing Kahulugan

Pag-iwas: Ang pag-iwas sa pagsusulong, pagtutol, o pag-akto sa isang usapin.

Ugnayan sa pamamagitan ng kasal: Isang relasyon na itinatag sa pamamagitan ng kasal tulad ng manugang.

Pagbubunyag: Ang kilos ng pagpapahayag at pagpapaliwanag ng tunggaliang interes na mayroon ka kaugnay ng usapin.

Sambahayan: Isang grupo ng mga taong naninirahan sa iisang bubong.

MGA RELASYON NA NAGTATATAG NG PANGAKO SA PRIBADONG KAPASIDAD	
	ASAWA O KATUWANG SA TAHANAN
	MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN
	TAONG NASA IKATLONG ANTAS NG KAMAG-ANAKAN O UGNAYAN SA PAMAMAGITAN NG KASAL
	AMO O AMO NG ASAWA/KATUWANG SA TAHANAN O MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN
	MALAKI AT NAGPAPATULOY NA UGNAYANG PANG-NEGOSYO
	HALOS KAPAREHONG RELASYON SA ALINMAN SA NASA ITAAS

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.



Manwal sa Etika ng Estado ng Nevada

Pangako sa Pribadong Kapasidad

Bakit mahalaga ang “pangako sa pribadong kapasidad”?

- Ipinagbabawal at hinihingi ng Batas sa Etika sa Pamahalaan ang ilang asal kapag ang isang opisyal o kawani ng gobyerno ay kumikilos sa paraang maaaring makaapekto sa sinuman sa listahan ng mga ugnayang ito. Halimbawa:
 - Ipinagbabawal sa mga opisyal at kawani ng gobyerno ang kumuha o magbigay ng hindi nararapat na pribilehiyo, pabor, exemption, o benepisyo para sa isang taong may pangako sila sa pribadong kapasidad.
 - Kailangang ibunyag ng mga opisyal at kawani ng gobyerno, at sa ilang pagkakataon ay umiwas, sa mga usaping may kaugnayan sa pangako sa pribadong kapasidad.
 - Hindi maaaring gamitin ng mga opisyal at kawani ng gobyerno ang oras, ari-arian, kagamitan o iba pang pasilidad ng pamahalaan upang makinabang ang sinumang may ugnayan silang pribado sa nasabing kapasidad.
- Ang pagkakaroon ng pangako sa pribadong kapasidad ay hindi awtomatikong imoral o labag sa batas, ngunit kailangang alam ito ng mga opisyal at kawani ng gobyerno habang ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, at maging maingat kung kailan maaaring magsalungat ang mga ugnayang ito sa kanilang obligasyon sa publiko.

Mga Halimbawa ng “halos kaparehong ugnayan” mula sa mga naunang desisyon

- Ang pagiging kasapi sa isang non-profit na lupon ay lumilikha ng pangako sa pribadong kapasidad sa nasabing organisasyon dahil ito ay “halos kapareho” ng isang malaki at nagpapatuloy na ugnayang pang-negosyo. (*Tingnan ang [In re Public Officer, Comm’n Op. No. 23-039A \(2023\)](#) at [In re Public Officer, Comm’n Op. No. 23-154A \(2024\)](#).*)
- Ang isang boluntaryong bumbero ay may pangako sa pribadong kapasidad sa kanilang departamento kahit boluntaryo lamang, dahil ang ugnayan ay “halos kapareho” ng sa isang amo. (*Tingnan ang [In re Alworth, Comm’n Op. No. 19-049A \(2019\)](#).*)
- Ang isang malapit at matagal nang pagkakaibigan ay maaaring “halos kapareho” ng ugnayan sa isang kamag-anak sa ikatlong antas ng pagkakamag-anak. (*Tingnan ang [In re Public Officer, Comm’n Op. No. 11-65A \(2012\)](#).*)

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.





Manwal sa Etika ng Estado ng Nevada

Pangako sa Pribadong Kapasidad

Mga Tip sa Pagsunod sa Alituntunin

1. Gumawa ng listahan para sa iyong sarili ng lahat ng iyong mga pangako sa pribadong kapasidad.
2. Magtakda ng paalala upang suriin at i-update ang listahang ito dalawang beses sa isang taon.

Mga Halimbawa ng Opinyong Payo

- Tunggali ng Interes ng Opisyal ng Gobyerno sa pagitan ng Paggawa sa Gobyerno at Negosyong Pribadong Pag-aari nang Magkasama- [*In re Public Officer, Comm'n Opinyon Blg. 20-011A \(2020\)*](#)
- Tunggali ng Interes ng Opisyal ng Gobyerno sa pagitan ng Paggawa sa Gobyerno at Pribadong Trabaho - [*In re Public Officer, Comm'n Opinyon Blg. 21-002A \(2021\)*](#)
- Tunggali ng Interes ng Opisyal ng Gobyerno sa Pagkuha ng Biyenan ng Opisyal - [*In re Public Officer, Comm'n Opinyon Blg. 10-35A \(2011\)*](#)

Mga Video na Mapagkukunan

- [Pangako sa Pribadong Kapasidad – Leksyong Online na Maaaring Panuorin Anumang Oras](#)
- [Pag-unawa sa Pangako sa Pribadong Kapasidad – 10 Minutong Video](#)

*Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([*NRS Chapter 281A*](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [*humiling ng opinyong payo mula sa*](#) Komisyon.*